

1 Lupa man, namamahinga rin

3 Ipinapayo ng mga eksperto ng PhilRice na pagpahingahin ang lupa 30 araw
4 pagkatapos mag-ani bago magtanim muli.

6 Sa pagpapahinga ng lupa, nasusugpo ang pagdami ng pesteng kulisap at uod.
7 Karamihan sa mga pesteng kulisap ay tumatagal lamang ng isang buwan ang
8 buhay. Kaya naman ang pagpapahinga ng lupa ay sumisira sa siklo ng buhay o
9 ang tuloy-tuloy na pagdami ng mga ito. Sa ganitong paraan, mawawalan sila ng
10 tirahan at makakainan.

12 Dagdag pa diyan, nababawasan ang mga semilya o *spores* ng sakit kung
13 pinapahinga ang bukirin. Ang lupang nakatiwangwang o walang tanim ay
14 nagdudulot ng pagkamatay ng mga naging sakit ng palay buhat sa nakaraang
15 taniman. Sa pagkamatay ng mga ito, hindi na sila makalilipat pa sa susunod na
16 taniman.

18 Pinabibilis din ng pagpapahinga ng lupa ang pagkabulok ng mga dayami na
19 maaaring maging pataba. Gamitin ang dayami bilang organikong pataba. Ang 5
20 tolenadang binulok na dayami ay nakapagbibigay ng 25-40kg Nitroheno, 3-6kg
21 Posporo, 60-85kg Potasyo, 2-5kg Sulfur, 200-350kg Silicon, 2,000kg Carbon at
22 iba pang sustansya.

24 Ipinapayo rin na sumabay sa mga kalapit bukid sa pagtatanim ng palay o
25 tinatawag na sabayang pagtatanim. Sa ganitong pamamaraan, mas nagiging
26 episyente ang paggamit ng patubig lalo na sa mga lugar na may irigasyon,
27 naiiwasan ang patuloy na pagdami ng pesteng insekto at kulisap, at naiiwasan
28 ang malaking pagkabawas ng ani dahil sa pesteng kulisap.

30 Kung sabay-sabay ang pagtatanim ng palay, sabay-sabay din ang pag-aani ng
31 mga ito. Kung ang mga magsasaka ay hindi nagsabay-sabay ng pagtatanim,
32 patuloy na magkakaroon ng mapagkukunan ng pagkain ang mga pesteng kulisap
33 para manatili at mabuhay sa bukid.

35 Sakali man na umatake ang mga pesteng kulisap, mas maraming palayan ang
36 mapagkukunan nila ng pagkain at hindi lamang sa iisang palayan manginginain.
37 Sa ganitong estratehiya, ang mga pesteng kulisap ay hindi makapipinsala ng
38 malaki dahil sila ay kalat-kalat.

40 Para sa karagdagang impormasyon, magtext o tumawag sa PhilRice Text
41 Center 0920 911 1398.